# Balitang Manmin

BILANG 145 DISYEMBRE 6, 2015


# "Masaya Ako sa Pagsali sa Ministeryo ng WCDN"

## Bumisita sa Manmin Central Church ang mga Doktor at mga Dalubhasa sa Larangan ng Medisina




Sa ika-33 anibersaryo ng iglesya, bumisita ang mga miyembro ng WCDN sa Manmin Central Church para maranasan ang ministeryo ng Manmin. Dumalo sila sa mga pagsamba, selebrasyon, at pagtatanghal, bumati kay Dr. Jaerock Lee, at pinuntahan ang Muan Sweet Water Aquarium (litrato 2, 4, 5, 6). Bumisita rin sila sa GCN at sa Muan, lumublob sila sa Muan Sweet Water Pool (litrato 7, 8). Idinaos ng WCDN ang ika-12 kumperensya sa Malaysia. Nagpasalamat ang komite na nag-organisa kay Punong Pastor Dr. Lee, nagbigay sila ng plake ng pagkilala kay Dr. Gilbert Chae, Presidente ng WCDN (litrato 1, 3).

Habang lumalago ang kaalaman, lumalaganap ang kasalanan at kasamaan sa mundo bawat araw. Noong taong 2004, itinatag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang World Christian Doctors Network (WCDN). Isa sa mga layunin nito ay maibahagi ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa mga edukadong tao sa mundong ito. Pinapatunayan ng organisasyong ito batay sa mga kasulatan o talaang medikal na totoo ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos.

Nagdadaos ng taunang kumperensya ang WCDN sa iba't ibang lugar sa buong mundo. Ang tema ay "Spirituality and Medicine" (Kabanalan at Medisina). Pinapalawak nila ang aktibong impluwensya nila sa mundo, may labingsiyam na silang sangay.

Noong Oktubre 8, 2015, bumisita ang labinlimang miyembro ng WCDN sa Manmin Central Church para makipagdiwang sa ika-33 anibersaryo ng iglesya. Nagmula pa sila sa U.S., Spain, Malaysia, at Indonesia. Noong Oktubre 9, dinaluhan nila ang pagsamba sa gabi ng Biyernes, at noong Oktubre 11, dumalo sila sa pagsamba, selebrasyon at pagtatanghal sa araw ng Linggo.

Sinabi ni Dr. Daniel M. Thuraiappah, isang Family Physician mula sa Malaysia, "Pinagpapala ng Diyos ang iglesyang ito. Kamangha-mangha ang kagandahan ng pagtatanghal, napakaayos nito, ipinaramdam nito sa akin ang Langit. Nakakapagsulong ito ng ministeryo sa buong mundo sa pagbobrodkast at pagsusulat. Nagbibigay ng inspirasyon sa mga Cristiano ang mga sinanay na kabataang miyembro na naglilingkod sa iglesya."

Ayon kay Dr. Sharon Satoko Ayabe, Family Physician mula sa U.S., "Kasama ko ang kapatid kong babae, ang asawa niya, at ang tatay ko sa pagpunta dito. Gustong gumaling ng kapatid ko mula sa Parkinson's Disease sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Tumanggap ako ng maraming pagpapala mula sa mga sermon niya at nakadama ako ng makalangit na kapayapaan, kasiyahan, at pag-ibig ng Diyos sa mga awiting papuri ng Manmin. Marami na akong napanood na pagtatanghal ng Disney Land, popular ito at sinasabing ito ang pinakamagaling sa buong mundo pero mas mahusay ang pagtatanghal ng Manmin. Ito ay inihandog sa Diyos, nagbigay ito ng malaking kagalakan sa puso namin."

Pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng gabi, nagpunta sila kay Dr. Lee, ang nagtatag at Tagapangulo ng WCDN, tinanggap nila ang panalangin nito para sa mga minimithi ng kanilang puso. Binanggit muli ni Dr. Lee ang kahalagahan ng ministeryo ng WCDN sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Sinabi din niya ang tungkol sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos na nakakagawa ng lahat ng bagay. Hinimuk niya ang lahat na mas luwalhatiin pa ang Diyos at manampalataya.

Sa pagpupulong, tinanggap ni Dr. Daniel M. Thuraiappah ang panalangin ni Dr. Lee para sa asawa niya na nagdudusa sa lumalalang impeksyon sa tuhod. Pagkatapos, kinausap niya ang asawa sa telepono, sinabi nitong nakapaglakad na siya ng normal, walang pananakit.

Noong Oktubre 12, bumisita sila sa lugar na kinaroroonan ng Muan Sweet Water, nagpasalamat sila sa pagkilos ng pinakamakapangyarihang Diyos. Ang lugar ng Muan Sweet Water ay pinangyarihan ng himalang naging tubig na naiinom ang tubig-dagat sa harapan ng Muan Manmin Church dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Katulad ito ng nangyari sa Marah, naging naiinom na tubig ang mapait na tubig (Exodo 15:25).

Nakatulong ang pagbisitang ito sa karangalan at kasigasigan ng ministeryo ng WCDN. Sinabi ni Mr. Isidro Martinez Ballester, isang espesyalista sa larangan ng medisina na taga-Espanya, "Nakikita ko ang katapatan ng Manmin Central Church sa pagbabahagi ng ebanghelyo ng may buong kalakasan, katapatan, at karunungan. Sa pagbisita ko, napuspos ako ng Banal na Espiritu, ipinagmamalaki ko ang ministeryo ng WCDN."

Nabalitaan niya ang tungkol sa ministeryo mula sa biyenan niyang babae na tumanggap ng pagpapala sa pakikinig ng mga sermon ni Dr. Lee sa Enlace TV at mula kay Dr. Armando Pineda, Direktor ng WCDN, U.S.A. Nakibahagi rin siya sa ika-12 pandaigdigang kumperensya na ginawa sa Malaysia, nakumpirma niya ang tungkol sa ministeryong ito.

Si Dr. Juan Carlos Solano, isang Surgeon Dentist, Implantologist ang presidente ng komite na nagsasaayos ng kumperensya ng WCDN na idadaos sa Espanya para sa taong 2016. Sinabi niya, "Kumakaunti na ang mga Cristiano sa Europa, nalulungkot ako. Pero nang maranasan ko ang ministeryo ni Dr. Lee, nagkaroon ako ng pag-asa. Sa palagay ko, makakapagbigay ng malaking pagkakataon para sa mga kaluluwa sa Europa ang kumperensyang idadaos sa darating na taon. Nirerespeto ko si Dr. Lee na nagpapakita ng pagpapagaling dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Mas naintindihan ko ang kahalagahan ng ministeryo ng WCDN. Masaya ako dahil kabahagi ako ng mahalagang ministeryong ito. Sisikapin kong maging matagumpay ang pagdaraos ng darating na kumperensya." Sa pagbisitang ito, napuspos ng Banal na Espiritu ang mga miyembro ng WCDN, inaasahan nila na maipapahayag ang dakilang plano at kalooban ng Diyos sa pamamagitan nila.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

### Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (1)

# Pag-ibig

Binubuo ng 'Ang Mapapalad' sa kabanata 5 ng Mateo, 'Espirituwal na Pag-ibig' ng kabanata 13 ng 1 Mga Taga-Corinto, at 'Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu' ang gabay na tumutulong sa atin para suriin ang ating pananampalataya. Pag-aralan natin ang mga bunga ng Banal na Espiritu, unahin natin ang pag-ibig.

## 1. Ano ang tinatawag na bunga ng Banal na Espiritu?

Nagkakaroon ng bunga kapag ang binhi ay itinanim, umusbong, at namulaklak. Tulad nito, nagkakaroon ng mga bunga ng Banal na Espiritu kapag pumasok ito sa puso natin.

Ibinibigay ng Diyos ang Banal na Espiritu bilang kaloob sa puso ng mga tumanggap sa Panginoon. Kapag tinanggap ang Banal na Espiritu, muling nabubuhay ang patay na espiritu. Tinuturuan tayo ng Banal na Espiritu tungkol sa kasalanan, katuwiran, at paghatol. Tinutulungan Niya tayo sa pagwaksi ng kasalanan at kasamaan, at tinutulungan tayong mabuhay nang may kabanalan. Pinapatnubayan Niya tayo para magsulong ng buhay kay Cristo, may pananampalataya at pag-asa na makakarating sa kaharian ng Langit. Habang sinusunod natin ang gabay ng Banal na Espiritu sa buhay natin bilang mga Cristiano, lumalago ang espiritu natin.

Hindi nagbubunga ang lahat ng tumanggap ng Banal na Espiritu. Magbubunga lang tayo kung susunod tayo sa gabay Niya. Ang Banal na Espiritu ay parang makina na nagbibigay ng kuryente, kapag pinaandar ito, magkakaroon ng kuryente. Kung may mga bumbilya na nakakabit sa makina, iilaw ang mga ito, mawawala ang kadiliman, magliliwanag. Tulad nito, kapag kumilos ang Banal na Espiritu sa buhay natin, mawawala ang masasamang bagay na nagmumula sa laman. Darating sa atin ang liwanag, magkakaroon tayo ng bunga ng Banal na Espiritu.

Tandaan natin na para umilaw ang bumbilya dapat itong ikabit sa makina na nagbibigay ng kuryente. Dapat paandarin ang makinang ito. Para gumana ang makina ng buhay natin, dapat tayong manatiling handa at manalangin nang maalab. Sundin natin ang gabay Niya at isabuhay ang katotohanan.

Sinusunod natin ang nais ng Banal na Espiritu sa ganitong proseso. Kung masigasig tayo sa pagsunod, mapupuspos tayo. Kung puspos na tayo ng Banal na Espiritu, magbabago ayon sa katotohanan ang puso natin, at kung puno ng katotohanan ang puso natin, magkakaroon tayo ng bunga ng Banal na Espiritu. Mayroong isa pang klaseng paghahangad na pipigil sa atin kapag nagsisikap tayong sumunod sa nais ng Banal na Espiritu. Ito ay ang paghahangad ng laman. Gustong sundin ng paghahangad ng laman ang mga bagay na kasalungat ng hinahangad ng Banal na Espiritu. Pasusunurin tayo nito sa pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at pagmamataas sa buhay. Dumadaing sa puso natin ang Banal na Espiritu kapag sinusunod natin ang pagnanasa ng laman. Ito ang dahilan kung bakit nagdurusa tayo sa pagkabagabag ng puso.

Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ng Galacia 5:16-17, "Subalit sinasabi ko, lumakad kayo ayon sa Espiritu, at huwag ninyong bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman. Sapagkat ang laman ay nagnanasa laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagkat ang mga ito ay laban sa isa't isa, upang hindi ninyo magawa ang mga bagay na nais ninyong gawin." Kung susundin natin ang pagnanasa ng laman, magkakasala tayo, lalabag tayo sa kautusan, at gagawa tayo ng masasamang bagay. Mapapalayo tayo sa daan ng kaligtasan (Galacia 5:19-21). Aanihin natin ang bunga ng buhay na walang hanggan kung susundin natin ang Banal na Espiritu (Galacia 6:8).

## 2. Pag-ibig, ang unang bunga ng Banal na Espiritu

Madalas gamitin ng mga tao ang salitang 'pag-ibig', kahit hindi sila naniniwala sa Diyos. Pero ang pag-ibig ng mga makamundong tao ay makalaman, naglalaho at nagbabago. Sa kabaliktaran, ang pag-ibig na nagmumula sa Diyos ay espirituwal, totoo ito at kahit kailan ay hindi magbabago.

Nang lalangin ng Diyos si Adan, espirituwal ang pag-ibig na ibinigay Niya dito. Pero namatay ang espiritu ni Adan dahil sinuway niya ang Salita ng Diyos. Narumihan siya ng laman. Magmula noon, naging makalaman ang pag-ibig ng mga tao.

Mahabang panahon na ang lumipas, mahirap na ngayong makahanap ng tunay na espirituwal na pag-ibig. Napakaraming nagpapahayag ng pag-ibig, pero nagbabago ito sa paglipas ng panahon. Makalaman ang pag-ibig na ito, makasarili at sumusunod sa sariling pagnanasa.

Ganito ang pag-iibigan ng mag-asawa. Sa simula, sinasabi nila na magmamahalan sila nang walang hanggan at hindi nila makakayang mabuhay kung mawala ang isa sa kanila. Noong una, ginagawa nila kung ano ang gusto ng asawa nila, pero ngayon kung hindi gagawin ng asawa ang gusto niya, papahirapan niya ang asawa. Pangkaraniwan na ang diborsyo ngayon. Hindi magtatagal, magpapakasal ulit sila sa iba. At sasabihin ulit nila na totoo ang pag-ibig nila sa taong iyon.

Tulad din ito ng pag-ibig sa pagitan ng mga magulang at mga anak. Pero habang nagiging masama ang mundo, bihira na ang magulang na magsasakripisyo kahit para sa mga anak nila. Kung hindi rin lang sila makikinabang, hindi magkakasundo ang mga magulang at ang mga anak.

Pareho din ito ng pag-ibig sa pagitan ng magkakapatid o magkakaibigan. Kapag mabuti ang mga nangyayari o kapag nagkakasundo sila, nananatili ang pag-iibigan. Pero kapag hindi, madaling magbago ang pag-iibigan. Ibig sabihin, gusto lang nilang tumanggap kaya sila umiibig. Makalaman na pag-ibig ang lahat ng ito.

Kaya ano ang espirituwal na pag-ibig? Sa 1 Mga Taga-Corinto 13, mababasa natin kung ano ang tunay na pag-ibig. Ito ang pag-ibig na nais ng Diyos na makamit natin.

Ang pag-ibig na binabanggit na bunga ng Espiritu ay mas mataas ang antas kaysa sa espirituwal na pag-ibig sa 1 Mga Taga-Corinto 13. Ito ang pag-ibig na may kasamang sakripisyo, nakahandang ibigay pati ang buhay. Sa ganitong klase ng pag-ibig, makakaya ng isang tao na ibigay ang buhay para sa Diyos, para sa kaharian at katuwiran Niya. Ang pag-ibig na may pinakamataas na antas ay pag-ibig na nag-aalay ng buhay kahit sa mga kaaway na galit sa kanya.

## 3. Para magbunga ng pag-ibig

Ibinigay sa atin ng Diyos ang ganitong klaseng pag-ibig. Iniibig din tayo ng Panginoon hanggang ibigay Niya ang buhay para sa ating mga makasalanan. Kung batid natin ang tungkol sa pag-ibig na ito sa kaibuturan ng mga puso natin, totoong iibigin din natin ang Diyos.

Kung totoo ang pag-ibig natin sa Diyos, hindi magbabago ang pag-ibig at pagtitiwala natin sa Kanya kahit ano pa ang mangyari. Tulad din ng pag-ibig natin para sa mga kaluluwa. Iibigin natin nang totoo ang mga kaluluwa kung iniibig natin ang Diyos (1 Juan 3:16).

Hindi tayo maghahanap ng sariling pakinabang. Hindi tayo hihingi ng kapalit kahit ibinigay natin ang lahat ng sa atin. Ang ganitong klaseng pag-ibig ay makakamit natin kung iwawaksi natin ang pagiging makalaman.

Mababasa natin sa Biblia kung anong klaseng pag-ibig mayroon ang mga ama natin. Gustong iligtas ni Moises ang mga anak ni Israel kahit burahin pa ang pangalan niya sa aklat ng bahay (Exodo 32:32). Sinabi ni apostol Pablo sa Mga Taga-Roma 9:3, "Sapagkat mamagalingin ko pang ako ay sumpain at mawalay kay Cristo alang-alang sa aking mga kapatid, na aking mga kamag-anak ayon sa laman." Nang batuhin si Esteban, nanalangin siya, "Panginoon, huwag Mo silang papanagutin sa kasalanang ito" (Ang Mga Gawa 7:60).

Gaano na kalaki ang ganitong klase ng pag-ibig sa puso ninyo? Gaano kalaki ang pag-ibig ninyo sa Diyos, sa Panginoon, sa mga kapatid kay Cristo? Sinabi ko sa inyo noon, "Kung makakapagligtas ako ng kahit isanlibong kaluluwa, papayag akong pumunta sa Impiyerno para sa kanila." Batid ko kung anong klaseng lugar ang Impiyerno. Pero kung makakapagligtas ako ng kaluluwa na patungo doon, pipiliin kong pumalit sa kanila.

Kung si Jesus ay namatay para sa atin, gagawin ko din ito para sa mga taong iyon. Hindi lang puro salita ang pag-ibig ko. Ibinibigay ko ang buhay ko, at ang buong lakas ko para sa kanila bawat araw para maligtas sila dahil ang pag-ibig ko sa kanila ay higit pa sa buhay ko. Iniisip ko kung paano ko ipapangaral ang ebanghelyo sa mas maraming lugar; paano ko mapapaniwala ang mas maraming kaluluwa sa Diyos sa pagpapakita ko ng mas malaking kapangyarihan; paano ko mapapaintindi sa kanila na walang kabuluhan ang mundo, at dapat nilang pagsikapan ang mas mabuting tirahan sa langit.

Gaano nakatatak sa puso ninyo ang pag-ibig ng Diyos na nagbigay ng bugtong na Anak Niya? Kung ang puso ninyo ay puno ng ganitong klaseng pag-ibig, iibigin din ninyo ang Diyos. Iibigin ninyo nang totoo ang mga kaluluwa.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, bilang mga anak ng Diyos, nakikiusap ako sa inyo na iwaksi ninyo ang lahat ng makalaman na pag-ibig na makasarili, umaasa na may kapalit, at nagbabago. Sa halip, palaguin ninyo ang espirituwal na pag-ibig, totoo at nagsasakripisyo ng sarili.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, makamit nawa ninyo ang perpektong pag-ibig na tulad ng Panginoon, makapasok sa Bagong Jerusalem, at makibahagi sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos magpakailanman.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Gagawa Ba Tayo ng Hindi Dapat Kung Tunay ang Pag-ibig Natin?"

Ang hindi magalang na pananalita at pagkilos ay nakakasakit ng ibang tao at nakakasira sa iba. Kung totong minamahal ninyo ang iba, isipin ninyong mas mahusay sila kaysa sa inyo, tratuhin ninyo silang mga mahalagang kaluluwa. Hindi ninyo sila gagawan ng mali. Suriin natin kung gaano na kalaki ang espirituwal na pag-ibig sa puso natin.

## Dalawang Halimbawa ng Paggawa ng Hindi Dapat sa Harapan ng Diyos

Kapag naipon ang mga bagay na hindi dapat ginagawa, makakapagtayo tayo ng pader ng kasalanan sa harapan ng Diyos. Kung may pader sa pagitan natin at ng Diyos, hindi Niya tayo mapoprotektahan mula sa mga karamdaman, o aksidente, at baka magkaroon tayo ng iba't ibang problema. Kung mayroon tayong tamang pag-uugali sa pagsamba at pananalangin, malulutas natin ang maraming klase ng problema.

### Walang Respeto Habang Sumasamba at Nananalangin

Ang pagtulog habang may pagsamba ay isa sa pinakawalang respetong bagay sa harapan ng Diyos. Parang tinutulugan ninyo ang Diyos mismo. Dahil dito, hindi Niya tatanggapin ang panalangin natin, hindi Niya papakinggan ang mga ito.

Walang respeto din sa harapan ng Diyos ang paggamit ng telepono, pagnguya o pagkain, at paglalaro ng mga bata kapag may pagsamba. Bukod sa pagtulog, walang respeto din ang pagkukwentuhan, at hindi pagtuon sa pagsamba.

Nagpapakita ang mga ito ng kawalan ng gana at paggalang ng sumasamba sa Diyos. May masamang epekto ito sa iba pang sumasamba, hindi rin nila iginagalang ang mga ito.

Walang respeto din ang pag-alis sa kalagitnaan ng pagsamba. Dapat tayong maghandog ng tama at buong pagsamba, mula umpisa hanggang matapos, sa pormal na paraan. Dumating din tayo sa tamang oras ng pagsamba. Mabuting asal kung darating tayo ng mas maaga para paghandaan ang pagsamba.

Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos. Ang awiting papuri ay panalangin na may tono, ipinaaabot natin sa Diyos ang mabangong samyo ng puso natin. Kung darating tayo ng atrasado nang wala namang mahalagang dahilan, o kung papalit-palit tayo ng lugar habang nananalangin, o kung nananalangin tayo nang paulit-ulit habang inaantok at lumilipad ang isipan, pagpapakita ito na hindi ninyo iginagalang ang Diyos.

Walang respeto ang pagkalabit o pagtawag ng atensyon ng isang taong nananalangin. Kung hihinto kayo sa pananalangin dahil may tumawag sa inyo, walang galang ito.

Hindi tamang pumunta sa iglesya na nakapang araw-araw na damit o pang trabaho ang damit na suot. Pwedeng gawin ito kapag pagsamba tuwing Miyerkules o Biyernes dahil tumutuloy sa iglesya ang mga tao mula sa trabaho.

Batid kahit ng mga hindi mananampalataya na hindi tamang magsigarilyo at uminom ng alak kapag dadalo sa pagsamba. Kahit bagong mananampalataya lang kayo, magandang asal sa harapan ng Diyos kung pagsisikapan ninyong iwaksi ang mga nakasanayang bagay na ito.

### Walang Respeto sa Santuwaryo at mga Banal na Bagay

Hindi lang ang lugar kung saan sumasamba ang tinatawag na santuwaryo. Ito ay lahat ng lugar na nasa loob ng bakuran ng iglesya, kasama ang halamanan at iba pang pasilidad. Kung gaano kalaki ang pag-ibig natin sa Diyos, ganoon din natin hinahangad ang templo Niya, kaya hindi dapat tayong gumawa ng mali sa iglesya. Maging maingat tayo sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa Diyos, pahalagahan natin ito tulad ng pagkilos natin sa harapan ng Diyos.

Anong gagawin natin kung may makita tayong nagtitinda o bumibili sa loob ng santuwaryo, at nagdadala ng kahihiyan sa templo? Pinagsabihan ni Jesus ang mga taong bumibili at nagtitinda sa Templo, pinalayas Niya ang mga ito (Mateo 21:13).

Hindi tayo dapat magalit at makipag-away, o mag-usap tungkol sa makamundong libangan o mga negosyo sa loob ng santuwaryo. Maging maingat din tayo sa paghawak ng mga banal na bagay ng Diyos sa loob ng iglesya, huwag nating basagin, sirain, o sayangin ang mga ito. Kahit saan mang lugar tayo ng iglesya maging maingat tayo sa sasabihin at gagawin natin, dapat maging banal at perpekto ito. Ganito rin ang gawin natin sa mga banal na bagay sa loob ng iglesya.

## Walang Respeto sa Ibang Tao

Maraming klase ang magandang asal sa buhay natin tulad ng pagbati, pakikipag-usap, at pagkain. Depende ito sa kultura. Kung pinag-aaralan natin ang Salita ng Diyos at isinasabuhay ito, tutularan natin ang ugali ng Panginoon, hindi tayo gagawa ng mali. Nawawalan ng respeto ang isang tao kung hindi niya iniintindi ang ibang tao.

Kung totoong mahal natin ang Diyos, irerespeto natin ang ibang tao (1 Juan 4:20). Kung wala tayong respeto sa tao na nakikita natin, paano natin sasabihing mahal natin ang Diyos na hindi natin nakikita? Kadalasan, kung sariling pakinabang lang ang hinahanap natin at hindi iniisip ang ibang tao, makakagawa tayo ng mga bagay na nagpapakita ng walang respeto. Mababahala ang ibang tao dito o kaya, masisira sila sa mga bagay na may kinalaman sa pinansyal.

Halimbawa, kapag nakikipag-usap sa telepono, mayroon ding kagandahang asal na sinusunod. Kung tatawag tayo ng wala sa tamang oras o kakausapin ng matagal ang isang taong maraming ginagawa, hindi siya magiging kumportable. Ang pagdating ng atrasado sa tipanan o biglaang pagbisita sa isang bahay ay mga halimbawa din ng walang respeto.

Kung sa mga espesyal na okasyon lang tayo magpapakita ng respeto, pakitang tao lang ito. Dapat sundin ng mga anak ng Diyos ang kautusan at kaayusan ng mundo at iwasang gumawa ng hindi tama.

Maging maingat tayo at marespeto sa taong palagi nating kasama kahit parang kapamilya na natin siya. Kadalasan, dahil malapit tayo sa isang tao, hindi na natin siya inaalagaan, hindi na natin iniisip ang mga sinasabi natin o ginagawa kahit nasasaktan na natin ang damdamin nila. Itama natin ang ugaling ito, sundin natin ang kabutihan para maging espirituwal tayo.

Pagsikapan nating magkaroon ng perpektong pag-ibig para sa Diyos, paglingkuran natin ang lahat ng tao tulad ng paglilingkod natin sa Kanya. Magiging mahalaga tayo at kikilalanin ng Diyos na may Tatlong Persona, ng mga anghel, at iba pang mga anak sa kalangitan Niya.



Kapatid na Promod Kumar (41 taong gulang), ang asawa niya, at pinakamamahal na anak na babae, Delhi Manmin Church, India

# "Dahil sa Kapangyarihan ng Diyos, Nagkaroon Kami ng Anak Pagkatapos ng 12 Taon"

Nagpakasal kami ng asawa ko noong taong 2003, at pagkalipas ng dalawang taon, nagbuntis siya. Pero pinayuhan siya ng doktor na ipalaglag ang sanggol dahil may problema siya sa thyroid. Magkakaproblema sa pagbubuntis ang isang babaing mababa o mataas ang 'thyroid hormone level'. Kung magbuntis man siya, malaki ang posibilidad na maagang lalabas ang sanggol o makukunan siya. Marami pa siyang ibang problema tulad ng walang ganang kumain, nahahapo, kulang sa nutrisyon, at kulang sa red blood cells. Wala na kaming magawa kundi ipalaglag ang sanggol.

Pero gusto pa rin naming magkaanak. Pumunta kami sa isang ospital para alamin kung ano pa ang pwedeng gawin. Mas nakakalungkot ang resulta ng pagsusuri. May nakabara sa 'fallopian tube' ng asawa ko.

Noong taong 2007, pinagamot niya ito ng higit sa isang taon, pero walang nangyari. Nagpunta kami sa mga manggagaway at mga taong nagsasagawa ng masamang mahika. Naghanap kami ng gamot sa tradisyunal na medisina ng mga Bumbay. Nagdasal kami sa mga templo ng Hindu. Pero walang nangyari. Nawawalan kami ng pag-asa.

Noong taong 2013, pinuntahan namin ang doktor na kilala sa 'test-tube baby treatment'. Pero anim na araw pagkalipas ng panggagamot, sumuka ang asawa ko, nilabasan siya ng dugo, at nakunan.

Samantala, nabalitaan namin ang tungkol kay Dr. Jaerock Lee at sa iglesya niyang Manmin Central Church sa South Korea. Noong Disyembre 2013, nagsimula akong dumalo sa Delhi Manmin Church. Idinalangin ni Pastor John S. Kim ang problema namin. Nakiusap siya sa amin na sundin ang Sabbath at magbigay ng buong ikapu.

Binigyan din niya kami ng librong sinulat ni Dr. Lee, ang *Ang Mensahe ng Krus*. Habang binabasa namin ang libro, nalaman namin na ang Diyos lang ang nag-iisa at tunay na Diyos at maliligtas kami sa pamamagitan lang ni Jesu-Cristo. Sinunod namin ang kalooban ng Diyos. Sinunod namin ang Sabbath, nag-ikapu, at idinalangin namin ang minimithi ng puso. Uminom din kami ng Muan Sweet Water, nanampalataya kami.

Ipinadala namin ang litrato namin kay Dr. Lee sa South Korea, hiniling namin na ipanalangin niya kami. Noong Hulyo 2014, tinanggap namin ang panalangin niya sa magdamag na pagsamba sa araw ng Biyernes.

Itinapon ng asawa ko ang lahat ng medisina na iniinom niya. Binasa namin ang mga libro ni Dr. Lee na *The Measure of Faith* at *Ang Mensahe ng Krus*, masigasig kaming nanalangin sa Diyos. Pagkatapos ng isang buwan, nakadama ng pananakit ang asawa ko, nagpunta kami sa ospital. Pinayuhan siya ng doktor na ipasuri kung nagbubuntis siya. Nakita sa pagsusuri na buntis na siya. Hallelujah!

Pinagdusahan namin ang hindi pagbubuntis ng asawa ko sa loob ng labindalawang taon. Lumuhod kami ng asawa ko sa harapan ng Diyos, umiyak at nagpasalamat sa Kanya. Wala na ring problema sa thyroid ang asawa ko, normal na ang hormone level nito.

Habang ipinagbubuntis niya ang sanggol, ang pusod nito ay pumalibot sa leeg. May posibilidad na maging abnormal ito, 1 sa 50 ang tsansa. Baka magkaroon ito ng depekto. Pero hindi kami nag-alala dahil ibinigay ito sa amin ng Diyos dahil sa pananalangin ni Dr. Lee. Noong Disyembre 2014, tumanggap muli kami ng panalangin para sa mga bagay na ito sa pamamagitan ng GCN.

Noong Abril 2015, ipinanganak ng asawa ko ang isang sanggol na babae, pareho silang malusog. Ito ay kamangha-mangha at makapangyarihan, tanging Diyos lang na Manlilikha ang makakagawa nito. Masayang-masaya kami na makitang lumalaki ng maayos ang anak namin.

# "Gumaling ang Nakausling Buto sa Gulugod Ko. Parang Pwede na Akong Lumipad!"



**Kap. Chunhwan Choi,** 67 taong gulang, Parokya 14, South Korea

Limang taong kong pinagdusahan ang nakausling buto sa gulugod. Ang sakit na nagsisimula sa kanang binti sa may ibaba ng tuhod ko ay tumutuloy hanggang sa balakang ko. Nahihirapan akong bumangon, at mas nahihirapan pa kapag umaakyat o bumababa ako sa hagdanan.

Kahit uminom ako ng mga gamot pangpamanhid, hindi nawawala ang pananakit. Sumailalim ako sa therapy at ilang beses ding nagpainiksyon sa gulugod. Pero panandalian lang ang epekto nito.

Noong Agosto 2013, hindi ko na matiis ang pananakit, nagpa-MRI ako sa ospital. Nakita sa resulta ng MRI na nakausli ang L4 at L5 sa gulugod ko, nadidiinan nito ang mga ugat. Pinayuhan ako ng doktor na magpaopera. Pero napakamahal nito, wala akong ganoong kalaking pera, at natatakot ako na maulit pa ito.

Hindi nagtagal, sinabi sa akin ng manugang kong si Diakonesa Manchang Lee, "Nanay! Gagaling ka kung pupunta ka sa iglesya."

Noong Pebrero 2014, masaya akong sumama sa kanya sa Manmin Central Church. Marami na akong narinig na patotoo mula sa buong mundo tungkol sa paggaling ng mga karamdaman dahil sa pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nagpunta ako doon, nananampalataya.

Noong Agosto 2015, sumama ako sa retreat sa tag-init ng Manmin. Sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling pagkatapos ng seminar, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit. Nawala ang sakit na nararamdaman ko! Sa ikatlong araw ng retreat, dinaluhan ko ang pagpupulong sa Parokyang Chino, si Rev. Soojin Lee ang namuno nito. Nang umawit siya ng mga awiting papuri, nakapagpuri rin ako, tumatalon dahil sa kagalakan! Nang idalangin niya kami gamit ang panyong makapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12), naging ganap ang paggaling ko, hindi na ako nasasaktan sa pag-akyat at pag-baba ko ng hagdanan. Hallelujah!

Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagpala sa isang taong katulad kong maliit ang pananampalataya. Pinagaling at pinalusog Niya ako.




Pagkatapos ipanalangin, gumaling ang L4 at L5 na nakausling buto na umiipit sa mga ugat niya

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714